

Hindi Makauwi si Nanay


Isinulat ni
Catherine A. Manzano

Iginuhit ni
Tamara Alka Mercado



Save the Children





Matagal ko nang di
nakikita si Nanay.

'Di sya makauwi
sa bahay.



Sa kalsada'y may bantay,
bawal lumabas, 'wag
sumuway!



Sa hapag si Tatay
lang ang kasabay.



Sabi ni Tatay,
“maraming
may kailangan
ng alaga ni
Nanay.”



Sa bintana
nakadungaw,
umaasang
makita kahit
anino niya
man lamang.



Matagal ko nang di nakikita
si Nanay. 'Di sya makauwi
sa bahay dahil ngayon may
ibang mga anak na
kailangan ng nanay.



Para sa mga magulang at guro:

Naniniwala ang Save the Children Philippines na lahat ng bata ay may karapatang magkaroon ng magandang kinabukasan. Ginawa namin ang aklat na ito para sa mga pamilya na mayroong kaanak na patuloy na pumapasok sa kanilang hanap-buhay bilang mga frontliner sa panahon ng COVID-19.

Mula sa aming mga naging konsultasyon, mahalaga ang representasyon ng bata at ng kanilang pamilya, ang kanilang pananaw at alalahanin na maisama sa COVID-19 response and recovery. Isa itong paalala na ilagay ang inyong sarili sa lugar ng bata, alamin na iba-iba ang kanilang reaksiyon sa mga pangyayari, at intindihin ang epekto at bunga ng ating ikinikilos sa kanila. Kung tayo, bilang nakatatanda, ay kalma at maayos ang ating pakiramdam, ito ay nakatutulong upang mas maging konektado tayo sa mga batang ating inaalagaan.

Sa ibaba ay listahan ng hotlines na nagbibigay ng libreng mental health support. Sa lahat ng pagkakataon, ang mga magulang ay nararapat na mahinahong tumugon sa reaksiyon ng kanilang anak, pakinggan sila, at bigyan ng pagmamahal. Higit sa pagpupugay sa mga frontliners na maaaring makaranas ng diskriminasyon, nais din namin na ang bawat pamilya ay ipagpatuloy ang masaya at makabuluhang pagbabasa sa bawat tahanan.

National Center for Mental Health Crisis Hotline (NCMH-USAP)

Mobile/Telephone Number: 0917-899-USAP (8727) or 7-989-USAP (8727)

Philippine Mental Health Association, Inc. (PMHA) Online Support

Facebook: www.facebook.com/PMHAofficial

Mobile: 0917-565-2036

Email: pmhaacds@gmail.com or pmha.eard@gmail.com

Mga Gabay na Tanong:

1. Sinong miyembro ng pamilya ang matagal nang hindi umuuwi sa kanilang bahay? Bakit hindi siya nakakauwi?
2. Ano kaya ang pakiramdam ng bata na matagal nang hindi umuuwi ang kanyang nanay?
3. Bakit mahalaga ang gawain ng kanyang nanay ngayong panahon ng COVID-19?
4. Mayroon ka bang kilala na tinatawag ding frontliner? Ano ang kanilang ginagawa?
5. Ano ang nais mong sabihin sa mga frontliner?

Iba't ibang paraan upang mas lumapit sa karanasan ng inyong mga anak ang kwento:

1. Maaaring gumamit ng ibang tauhan na kilala ng inyong anak. Halimbawa, tiyahin na doktor o lalaking pinsan na nars.
2. Maaaring lawakan ang usapin ng frontliner tulad ng tindera ng pagkain, magsasaka, basurero, at iba pa.
3. Kung mayroong nasabing diskriminasyon o maling kuro-kuro ang inyong anak, agaran itong itama o palitan ng mensahe ng suporta at pag-asa para sa mga frontliner.



Save the Children

The copyright of this book belongs to Save the Children Philippines. No part of this publication may be reproduced, transmitted, downloaded, decompiled, reverse engineered, or stored in or introduced into any information storage and retrieval system, in any form or by any means, whether electronic or mechanical, without the express written permission of Save the Children Philippines. The contents of this book may not be sold, redistributed, or used in any manner for profit or for commercial purposes, without the prior written permission from Save the Children Philippines.

Karapatang-ari 2020 © ng Save the Children Philippines

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin
sa anumang format nang walang pahintulot ng
Save the Children Philippines.

Inilimbag ng Save the Children Philippines
4th Floor Sunnymede IT Center, 1614 Quezon Avenue, Diliman,
Quezon City, Philippines

Telephone number: (+632) 8682-7283 (8682-SAVE)
www.savethechildren.org.ph

Nasaan kaya si Nanay?
Bakit wala siya sa bahay?

Sama-sama nating alamin
ang dahilan kung bakit
hindi makauwi si Nanay.



Save the Children